Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
Municipality of Roxas

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

EXCERPTS FROM THE MINUTES OF THE REGULAR SESSION OF THE SANGGUNIANG BAYAN OF ROXAS, ORIENTAL MINDORO HELD ON 23 SEPTEMBER 1996, 9:00 A. M. AT THE SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL.

Present:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis	-	Presiding Officer
Kagawad Cesar T. Ignacio	-	Member
Kagawad Ferdinand V. Talena	-	Member
Kagawad Angelas D. Bautista	-	Member
Kagawad Hamil O. Dimapilis	-	Member
Kagawad Jesus S. Dela Cruz	-	Member
Kagawad Nanulfo C. Marmol	-	Member
Kagawad Juanito A. Macay, Jr.	-	Member
Kagawad Homeste O. Tayag	-	Member
Kagawad Eduardo G. Villamin	-	Member, ABC President

Absent:

Kagawad Randy P. Valencia	-	Member, SK Chairman

KAPASIYAHAN BIL. 105
Taong 1996

KAPASIYAHAN NG PAGKILALA AT PAPURI KAY POLICE CHIEF INSPECTOR FLORENDO SALAPARE SALIGAO AT SA KANYANG MGA TAUHAN SA PAGKAKADAKIP SA MGA KRIMINAL AT MGA TAONG PINAGHIHINALAANG SA PAGKAKALAT NG DROGA SA BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA'T sa nakaraang mga panahon, ang bawal na gamot na sa kasalukuyan ay isa sa mga pangunahing suliranin ng bansa ay nagkakalat na rin ng lagim sa tahimik na bayang ito ng Roxas, Silangang Mindoro;

SAPAGKA'T sa pamamagitan ng mga nagtutulak at gumagamit ng bawal na gamot, napakarami nang mga namamayan ng bayang ito ang nalulong at nabiktima na nagiging dahilan ng pagbaba ng moral hindi lamang ng mga kabataan kundi ng mga mga wastong gulang sa iba't ibang antas ng pamumuhay;

SAPAGKA'T dahil sa di-masugpong pagkalat ng droga, patuloy ring dumarami ang mga krimeng karumihan ay nag-uugat sa paggamit at pangangailangan sa bawal na gamot na nagbubunga ng demoralisasyon at kawalan ng katahimikan sa mga pamilya, sa mga pamayanan at sa buong bayan ng Roxas;

SAPAGKA'T sa nakaraang panahong ang ganitong sitwasyon ay namayani hindi ito nabigyan ng permanenteng solusyon ng mga tagapanayapa at tagapagtaguyod ng katahimikan sa iba't ibang kadahilanan - kakulangan ng puwersa, kawalan ng hukom na magbibigay ng mga warrant sa paghahalughog at pagdakip at tatanggap ng mga kaso at kakulangan na rin ng pakikipagtulungan ng mga namamayan;

SAPAGKA'T ang sitwasyong ito ay nabigyan ng agarang solusyon nang si Police Chief Inspector Florendo Salapare Saligao ay nailagay na Hepe ng pulisya ng bayang ito kung saan sa napakaikling panahon ng kanyang panunungkulan ay nadakip niya at ng kanyang mga tauhan ang marurumig mga pakalala-

yang kriminal at ang ilang itinuturing na malalakas na tagapagkalat ng shabu;

SAPAGKA'T sa napakaikling panahon ding ito ay naipatupad niya ang mga ordinansa sa kaayusan ng trapiko at sa taripa sa mga traysikal na de motor, binuhay niya ang foot patrol na pulisya sa kabayanan at sa mga barangay at naipadama ang kahalagahan ng tungkulin at responsibilidad sa kanyang nasasakupan;

SAPAGKA'T sa kanyang pagtupad sa tungkulin nang buong katapatan at katapangan sa paghawak sa responsibilidad nang walang kinikilingan, naibalik niya ang pagtitiwala ng mga mamamayan at ng mga namumuno sa pamahalaang lokal sa bumubuo ng pulisya at mga tagapagpatupad ng kaayusan at kapayapaan;

SAPAGKA'T ang ganitong uri ng panunungkulan ay nakapagbigay ng pagasa at kapanatagan sa mga mamamayan at malaki ang paniniwala ng mga ito at ng mga opisyal ng bayan ng Roxas na sa pamumuno ni Police Chief Inspector Florendo S. Saligao ay mahaharap nang buong katatagan at paninindigan ang mga problemang pangkapayapaan at pangkaayusan sa bayang ito;

SAPAGKA'T ang mahusay at epektibong paglilingkod na ito ay lubos na kinikilala at pinahahalagahan ng Sanggunian Bayang ito at ng lahat ng namumuno sa pamahalaang lokal at sa ganito ay napagkaisahang ipaabot ang pagkilalang ito at papuri kay Police Chief Inspector Florendo S. Saligao at sa kanyang mga tauhan na sa kanilang pagtupad sa tungkulin ay nadakip ang maraming mga nakalalayang mga kriminal at mga taong pinaghihinalaan sa pagkakalat ng droga sa Roxas, Silangang Mindoro; at

SAPAGKA'T hinahangad ng Sanggunian Bayang ito at hinihiling sa mga kinauukulang awtoridad na si Police Chief Inspector FLORENDO SALAPARE SALIGAO, sa kanyang matapat at epektibong pagtupad sa tungkulin ay mabigyan ng kaukulang promosyon sa tungkulin na siyang karapatdapat na gantimpala ng isang tagapagtaguyod ng batas, gayundin ang mga kasamang tauhang karapat-dapat sa promosyon.

DAHIL DITO sa mungkahi nina Kagawad Ramulfo C. Bernal at Kagawad Ferdinand V. Talens na sinang-ayunan ng lahat -

IPINASYA tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot ang pagkilala at papuri kay Police Chief Inspector FLORENDO S. SALIGAO at mga tauhan nito sa pagkakadakip sa mga kriminal at mga taong pinaghihinalaang nagkakalat ng droga sa bayan ng Roxas, Silangang Mindoro na dahilan dito'y bumalik ang tiwala ng mga mamamayan sa pulisya sa kakayahang mapanatili ang kaayusan at katiwasayan sa bayang ito.

IPINASYA RIN na hilingin sa kinauukulang awtoridad ang pagbibigay-promosyon kay Police Chief Inspector Florendo S. Saligao bilang gantimpala sa kanyang mahusay at matapat na panunungkulan.

IPINASYA PA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kay Police Chief Inspector FLORENDO SALAPARE SALIGAO, Hepe ng Pulisya ng Roxas, Silangang Mindoro, sa Roxas Police Station at kina Gobernador Rodolfo G. Valencia ng Silangang Mindoro, PNP Provincial Director at Police Senior Superintendent Domingo Sa Rodenas, sa Regional Director, DILG Region IV, PNP Director General Recaredo Sarmiento, Kgg. Renato de Villa, Kalihim ng Tanggulang Bansa at Kgg. Robert X. Barbers, Kalihim, Department of the Interior and Local Government para sa kanilang kaalaman at sanggunian.

Pinagtibay: 23 September 1996

- -

CERTIFIED CORRECT:

VIOLETA P. FUENTES
Secretary to the Sanggunian

ATTESTED:

JESUS M. DIMAPILIS
Municipal Vice Mayor/
Presiding Officer

APPROVED:

GELACIO I. YASON
Municipal Mayor

merz/